CITY OF LONG BEACH

PRESS RELEASE

OPISYAL NA PAHAYAG

Hulyo 3, 2020

Pakikipag-ugnay: Judeth Luong, Acting Manager/Environmental Operations Officer, Bureau of Environmental; Health and Human Services Department, 562.570.4104, Judeth.Luong@longbeach.gov

Para sa Agarang Pahayag

Ang Lungsod ng Long Beach ay Pansamantalang Nagpapatupad ng Pagbabawal ng May Lasa na Tabako

Long Beach, CA – Ang Lungsod ng Long Beach ay nagpapaalala sa mga nagtitingi na epektibo ngayon, lahat ng may lasa na tabako ay dapat tanggalin at hindi maaaring maibenta o maipamahagi base sa Long Beach Munisipal Code (LBMC) Kabanata 5.9. Mananatili itong epektibo hanggang Enero 3, 2021, maliban kung pahabain ng Konseho ng Lungsod.

“Ang vaping ay isang kilalang peligro sa kalusugan at maaaring humantong sa Vaping Associated Pulmondary Illness,” sabi ng Opisyal ng Kalusugan ng Lungsod na si Dra. Anissa Davis. “Kailangan nating protektahan ang ating komunidad, lalo na ang mga kabataan, sa pamamagitan ng edukasyon at aksyon.”

Naipatupad ng Konseho ng Lungsod ng Long Beach ang pansamantalang ordinansa noong Enero 4, 2020, na may petsa ng pagpapatupad ng Hulyo 2, 2020, na nagbabawal sa pagbebenta o pamamahagi ng ilang mga produkto ng mga may lasa na tabako sa loob ng Lungsod ng Long Beach. Ang pagbabawal na ito ay kinabibilangan ng: may lasa na mga sigarilyo; may lasa na elektronikong aparato sa paninigarilyo (tulad ng mga elektronikong sigarilyo, elektronikong pipe, elektronikong hookah, vape, vaporizer, at vape pen); may lasa na likido na aparato sa paninigarilyo, kabilang ang nikotina at mga produktong hindi nikotina; at sigarilyong menthol.

Ang pag-implementa at pagpapatupad ng probisyon na ito ay pangunahing hahawakan ng Kagawaran ng Kalusugan at Serbisyong Pantao ng Long Beach, Environmental Health Bureau. Ang mga negosyo ay maaaring umasa na tumaas ang mga inspeksyon sa mga panahong ito sa parehong regular na pagsubaybay at mga inspeksyon dahil sa mga reklamo. Ang mga may-ari ng negosyo ay responsable para sa pagtiyak na ang ordinansa ay ipinatutupad sa loob ng kanilang mga establisimiyento. Ang hindi pagsunod ay maaaring magresulta sa ligal na aksyon kabilang ang mga administratibong pagsipi, misdemeanor na pagsipi, at/o pagsuspinde, pagtanggi o pagtanggal ng anumang permiso na itinakda ng LBMC Kabanata 5.81.

Kung ang isang establisimyento ay natagpuan na lumalabag sa ordinansa, ang may-ari ay maaaring sumailalim sa mga sumusunod na multa: $100.00 para sa unang paglabag, $200.00 para sa pangalawang paglabag, $500.00 para sa pangatlo at para sa bawat kasunod na paglabag sa loob ng isang taon.

Para sa pinakabagong impormasyon sa pansamantalang ipinagbabawal na flavored tabako, bumisita sa www.longbeach.gov/TREP o tumawag sa Programa ng Edukasyon at Pag-iwas sa Tabako sa (562) 570-7950 o sa Programa ng Pagpapatupad ng Tingian ng Tabako sa (562) 570-7905.

Tungkol sa Lungsod ng Long Beach
Tahanan ng humigit-kumulang na 470,000 katao, ang maramihang award-winning at makabagong Lungsod ng Long Beach ay nag-aalok ng lahat ng mga world-class na amenidad ng isang malaking metropolitan na lungsod habang nagpapanatili ng isang pakiramdam ng indibidwal at magkakaibang kapitbahayan na magkakasama sa baybayin ng California. Bilang isang buong-serbisyong charter na lungsod, ang Long Beach ay tahanan ng Queen Mary, Aquarium of the Pacific, maraming mga museo at sinehan, isang mataas na rating na school distrito, Long Beach Airport, ang Port of Long Beach at iba pa. Ang Lungsod ay mayroon ding iginagalang na unibersidad at kolehiyo ng lungsod, dalawang makasaysayang rancho, limang ospital, limang golf course, 171 parke, milya ng mga beach, mga marina, at mga landas ng bisikleta.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Lungsod ng Long Beach, bumisita sa http://longbeach.gov/. Sundan kami sa social media upang malaman ang pinakabagong balita: Facebook, Twitter, Instagram, at YouTube.

CITY OF LONG BEACH

PRESS RELEASE

###